

Pagpapatupad ng Opisyal ng Kalusugan

Ang County ay may isang Utos ng Opisyal ng Kalusugan (Health Officer Order o HOO) na may kasamang mga protokol na inilalabas para pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Ang pinaka-bagong Utos ng Opisyal ng Kalusugan at mga protokol sa muling pagbubukas ay nakapaskil sa <http://ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/reopening-la.htm>. Ang sangay ng Kalusugang Pangkapaligiran ng Pampublikong Kalusugan ng County ay naipakatawan ng pangunahing responsibilidad para sa pagtitiyak ng pagsunod sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan (HOO) at mga protokol.

Ang mga inspektor ng Kalusugang Pangkapaligiran ay nagsasagawa ng mga pagbisita sa lugar upang: 1) tiyakin ang pagsunod sa HOO at mga naaangkop na protokol; 2) sumagot sa isang reklamo; o 3) mag-imbetiga sa mga ulat ng isang pagsiklab. Ang pangunahing layunin ng bawat pagbisita ay para turuan ang mga operator ng negosyo sa iba't ibang mga kinakailangan ng HOO na may layunin ng pagtitiyak sa pagsunod. Sa kaganapan na may naobserbahang mga paglabag, ang inspektor ay mag-iisyu ng isang Opisyal na Ulat ng Inspeksyon at magbibigay ng isang petsa sa pagsunod para mapatunayan na ang mga nakatalang paglabag ay naitama na. Ang kabiguan ng isang negosyo na maitama ang mga paglabag sa petsa ng pagtupad o ang pangyayari ng paulit-ulit na mga paglabag ay maaaring humantong sa mga karagdagang aksyon sa pagpapatupad, kabilang ang matasahan ng isang kabayaran para matiyak ang pagtupad.

Sa kaganapan na ang inspektor ay kinilala ang isang **Malakihang Paglabag** sa HOO o mga protokol, isang Administratibong Sitasyon kasama ang isang inspeksyong ulat ang ilalabas. Ang mga malakihang paglabag ay inuri bilang nakapagpapataas sa panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa mga empleyado at kostumer at maaaring humantong sa isang \$500 Administratibong Sitasyon na iniisyu sa unang pagbisita.

Ang mga malakihang paglabag ay kinabibilangan ng:

- Kabiguan sa pagpapatupad ng isang proseso sa pagsusuri sa COVID-19 para sa empleyado
- Kabiguang mag-ulat kapag 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 ang kinilala na sa lugar ng trabaho.
- Kabiguan sa pagtiyak na ang mga maskara sa mukha ay isinusuot ng lahat ng empleyado ayon sa inaatas
- Kabiguang tiyakin na isang panangga sa mukha (face shield) ay suot ng empleyado kapag nakikisalamuha sa mga kostumer na walang maskara (hal. waiter sa isang restawran)
- Kakulangan ng mga produktong panglinis at pagdidisimpekta sa mismong lugar (on-site)
- Lumalagpas sa mga limitasyon ng panloob na pag-okupa (Ang mga panlabas na istraktura na hindi nakakatugon sa patnubay ng estado para sa mga panlabas na aktibidad ay itinuturing na "panloob" at sumasailalim sa umiiral na mga limitasyon sa panloob na pag-okupa)
- Walang mekanismo para subaybayan ang pag-okupa at tiyakin ang pagdistansya (hal., hindi nagbibilang sa lahat ng pasukan o pisikal na pagdistansya) at lumalabas na sobra sa kapasidad- *Maaari rin itong humantong sa pansamantalang pagsasara hanggang mabawasan ang kapasidad at ang proseso sa pagbibilang ay naipatupad*
- Ang mga mesa ay hindi inagwatan ng 8 talampakang distansya, saanman kailangan
- Mga kostumer na kumakain sa hindi itinalagang mga lugar ng kainan (hal., naglalakad-lakad na may pagkaing dala, kumakain sa lugar na dapat ay sarado para sa serbisyo, tulad ng mga bar counter)
- Live na paglilibang, kabilang ngunit hindi limitado sa DJ, mga live na mananayaw o live na pagsasayaw, mga komedyante, live na musika o iba pang mga live na pagganap
- Tumatakbo sa isang paraan na kasalukuyan ay ipinagbabawal (hal., panloob na arkada na sarado ayon sa HOO, negosyong ipinasasara ng Pampublikong Kalusugan)
- Iba pang mga aktibidad na lumalabag sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan, na inilalagay sa panganib ang kalusugan ng mga empleyado o kostumer.

Ang mga Administratibong Sitasyon ay maaaring iapela sa loob ng 10 araw mula sa pagkakatanggap. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: <http://publichealth.lacounty.gov/eh/citation/administrative-citation-appeals.htm>. Ang kabiguang bayaran ang administratibong sitasyon ay maaaring humantong sa isang paghahabol (lien) na inaawtorisa ng Los Angeles County Code.

Para sa anumang mga katanungan sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan (HOO) at mga protokol sa muling pagbubukas, mangyaring malayang kumontak sa aming Industry Engagement program sa 626) 430-5320 o sa pamamagitan ng email EHConsultative@ph.lacounty.gov kasama ang iyong mga katanungan.